


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 6:
Pagsasaalang-alang sa Karapatan
ng Iba



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagsasaalang-alang sa Karapatan ng Iba
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rhoda S. Bordallo, Jeremiah G. Miralles

Editor: Caridad P. Baginon, Ma. Shiela C. Adona

Tagasuri: David C. Alcober, Renante C. Delima

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr., Lemuel P. Valle Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tensas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 6:
Pagsasaalang-alang sa Karapatan
ng Iba**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Alam mo ba ang iyong karapatan? Naipakikita mo ba ang iyong paggalang sa karapatan ng iba? Paano mo ipinakikita ang paggalang sa karapatan ng iyong kapuwa? May mga karapatang taglay ang bawat tao, kabilang na ang mga bata, mula noong siya ay isinilang. Ang bawat isa ay inaatasang galang ang mga karapatang ito.

Ang sumusunod na layunin ay tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagsasaalang-alang ng karapatan ng iba
- Natutukoy ang mga karapatan ng bata
- Sa pamamagitan ng pagguhit naipakikita ang paggalang sa mga karapatan ng bata



Subukin

Panuto: Sagutin ng **Oo** o **Hindi** ang sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Tinatawag mo ba ang ibang tao ng nakaiinsultong pangalan upang maging katawa-tawa sila?
2. Binabasa mo ba ang sulat na hindi para sa iyo?
3. Iginagalang mo ba ang opinyon ng ibang tao kahit na kaiba ito sa iyo?
4. Sinasaktan mo ba ang damdamin ng iyong mga kamag-aral at kaibigan?
5. Nagbibigay ka ba ng pagkain sa taong nagugutom?
6. Kinakaibigan mo ba ang kaklaseng iba ang relihiyon kaysa sa iyo?
7. Nilalakasan mo ba ang tugtog kahit malalim na ang gabi?
8. Pinupuna mo ba ang kakaibang pananamit at paniniwala ng iyong kapuwa?
9. Natutuwa ka ba kapag napaparusahan ang kapatid mo kahit wala siyang kasalanan?
10. Pinapakisamahan mo ba ang mga kaklase mong may kapansanan?

Aralin 1

Pagsasaalang-alang sa Karapatan ng Iba

Mahalagang maisaalang-alang ng bawat isa ang pagpapahalaga sa karapatan ng kapuwa. Ito ang susi upang maging masaya at matiwasay ang komunidad na ating kinabibilangan.



Balikan

Panuto: Sumulat ng limang (5) sitwasyon na magpapakita ng pagpapaubaya sa sariling kapakanan para sa kabutihan ng iba. Sabihin kung ito ay nagawa mo na o hindi pa.

Halimbawa: Pagpaparaya ng upuan sa mas nakatatanda sa dyip kung wala nang bakanteng upuan. – Nagawa na.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Tuklasin

Bawat isa ay may karapatan. Karapatang mabuhay, makapag-aral at mamuhay ng payapa. Ang isang mabuting bata ay isinasaalang-alang ang karapatan ng iba. Kumikilos ng naaayon sa ikabubuti ng lahat at hindi sa sariling kapakanan lamang.

Panuto: Pag-aralan ang larawan. Sagutin ang sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Lemuel P. Valle Jr.

1. Batay sa larawan, saan kaya papunta ang mga bata? Ano ang kanilang gagawin dito?

2. Ano kaya ang nararamdaman ng mga bata habang papunta sila ng paaralan?

3. Ano ang maaaring matutunan ng mga bata sa paaralan?

4. Ano ang kahalagahang naidudulot ng pag-aaral?

5. Anong karapatan ng bawat bata ang ipinakikita sa larawan?

6. Paano maipakikita ng bawat bata ang pagpapahalaga niya sa edukasyon?

7. Ano ang papel na maaaring gampanan ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak?

8. Batay sa nakikita mo sa larawan, paano pinangangalagaan ng batas ang mga pangangailangan ng mga bata?

9. Paano ipinakikita ng mga bata sa larawan ang paggalang sa kapuwa?

10. Paano mo maipakikita ang iyong paggalang sa kapuwa bata?



Suriin

Ang paggalang sa karapatan ng bawat tao ay isa ring pagpapakita ng pagbibigay respeto. Ito ay paggalang sa nararamdaman ng kapuwa sa lahat ng oras at pagkakataon.

Ang hindi pagpipilit ng sariling paniniwala sa iba, hindi pagkuha ng mga bagay na pag-aari ng iba, hindi pag “*videoke*” sa kalaliman ng gabi, hindi pagkakalat ng kamalian ng iba at hindi pagtawa at pagmaliit sa kakulangan o kapansanan ng ibang tao ay naglalarawan ng pagsasaalang-alang ng karapatan ng kapuwa-tao.

Bukod dito ang sumusunod ay ilan sa mga karapatan ng bawat batang Pilipino na dapat mong isaalang-alang. Tandaan ang mga ito.

1. Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad.
2. Magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga.
3. Manirahan sa payapa at tahimik na lugar.
4. Magkaroon ng sapat na pagkain, malusog at aktibong katawan.
5. Mabigyan ng sapat na edukasyon.
6. Mapaunlad ang kakayahan.
7. Mabigyan ng pagkakataong makapaglaro at makapaglibang.
8. Mabigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso, panganib at karahasan.
9. Maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan.
10. Makapagpapahayag ng sariling pananaw.



Pagyamanin

Panuto: Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang nakasaad sa pangungusap ay nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa karapatan ng ibang tao at malungkot na mukha ☹️ kung hindi.

1. Pagbabasa ng sulat na hindi para sa iyo.
2. Pagsasabihan ang mga kaklaseng nanunukso ng kamag-aral na may kapansanan.
3. Pagpipilit ng sariling opinyon sa iba.
4. Pagpapatay ng *videoke* kung alas dyes na ng gabi.
5. Pagsasali sa pambabato sa taong grasa.
6. Pagbibigay pagbati sa kaklaseng may mataas na iskor sa pagsusulit.
7. Pagkukuha ng larawan ng walang pahintulot at pagpapakalat nito sa *social media*.
8. Pagbibigay ng tulong sa kamag-aral kung nahihirapan sa aralin.
9. Pagkukuha ng gamit ng kaibigan ng walang pahintulot.
10. Pagpupuri sa mga magagandang nagawa ng kaibigang may kapansanan.



Isaisip

Ang karapatang mabuhay, maging malusog, makapag-aral at mamuhay ng payapa ay iilan lamang sa mga karapatang taglay ng bawat tao. Ang pagsaalang-alang sa karapatan ng iba ay nagpapakita ng paggalang sa iyong kapuwa. Ito isang kalugod-lugod na katangian na dapat tularan ng isang batang katulad mo. Mahalagang isaalang-alang ang karapatan ng iba upang makaiwas sa gulo at makamit ang tunay na kapayapaan sa buhay ng bawat isa.

Panuto: Basahing mabuti ang mga talata. Punan ng angkop na salita ang mga puwang upang mabuo ang diwa ng talata. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang bawat tao ay dapat nakatatamasa ng mga _____ ito, bata man o _____, lalaki o _____, kahit anong lipi. Dapat matuto tayong _____ ang _____ ng bawat isa.

Magkaroon ng sapat na _____, malusog at _____ katawan ay isa ring karapatan ng batang Pilipino. Ang _____ at _____ ay dapat na kinakain ng isang bata sapagkat ito ay magbibigay sa kanya ng ibayong _____ ng katawan.



Isagawa

Panuto: Basahin ang sitwasyon at isulat kung paano maipakikita ang paggalang at pagsasaalang-alang sa karapatan ng kapuwa-tao. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Hinayaan ka ng iyong kapatid na gamitin ang mga *art materials* niya at labas-pasok ka lang sa kaniyang silid. Isang araw, may nakita kang kahon sa ibabaw ng kaniyang mesa at parang gusto mong usisain kung ano ito. Ano ang gagawin mo?

2. Ika-4 pa lamang ng madaling araw ay napapansin mo nang palaging naghahanda si nanay ng inyong agahan at ng isusuot ninyo araw-araw. Sa buong maghapon ay nakikita mo ring naglalaba, naglilinis ng bahay, naghuhugas ng mga pinggan at nag-aalaga siya ng nakababata mong kapatid hanggang ika-10 ng gabi. Pagod na pagod siya palagi ngunit ni minsan hindi siya nagreklamo. Bilang isang bata ano ang gagawin mo?

3. Narinig mo ang isang taong may sinasabi laban sa kaibigan mo. Lahat ng sinabi niya ay totoo. Bilang kaibigan, ano ang gagawin mo?

4. Napansin mo ang isang mag-aaral na may kapansanan ay tinutukso sa kabilang silid. Sa takot at hiya, napaiyak ito. Ano ang dapat mong gawin?

5. Madalas nagkakasakit si Noel. Ito ay dahil sa kakulangan ng sustansiya sa mga pagkaing kinakain niya. Bilang isang batang kumakain ng sapat at masusustansiyang pagkain, paano mo matutulungan si Noel?

6. Nakita mong masayang naglalaro ang iyong mga kaibigan sa labas ng inyong bahay. Gusto mong sumama sa kanilang paglalaro subalit kasalukuyan mong sinasagutan ang mga gawain sa EsP modyul na ibinigay ng iyong guro. Ano ang gagawin mo?

7. Gusto mong sumali sa mga patimpalak sa isports sa inyong paaralan. Pero hindi ka makasali dahil wala kang pambili ng uniporme. Ano ang gagawin mo?

8. Si Andrea ay matalino. Siya ay mula sa mahirap na pamilya. Nabalitaan mo na hindi siya makapag-aaral sa susunod na pasukan. Ano ang gagawin mo upang matulungan si Andrea na makapag-aral?

9. Ipinatutupad sa bawat lugar ang *curfew* para maiwasan ang sakuna at kaguluhan. Kung ikaw ay nakatira sa lugar na may oras ng *curfew*, ano ang mararamdaman mo? Bakit?

10. Madalas mong makita ang isang batang kasing-edad mo na nakatira sa isang parke sa inyong lugar. Naipagkait sa kanya ang magkaroon ng desenteng tahanan. Bilang mamamayan, ano ang gagawin mo?



Tayahin

A. Panuto: Markahan ng tsek (✓) kung nagpapakita ito ng paggalang sa karapatan ng iba at ekis (X) kung hindi. Isulat sa papel ang iyong sagot.

- _____ 1. Maingay kayo ng mga kaibigan mo kahit natutulog ang bunsong kapatid mo sa kabilang kwarto.
- _____ 2. Binabasa mo ang sulat ng iyong kaibigan ng walang pahintulot.
- _____ 3. Pinahihinaan mo ang *volume* ng telebisyon dahil nag-aaral ang iyong ate.
- _____ 4. Tinutulungan mo ang iyong kaklase na nahirapan sa aralin.
- _____ 5. Inuunahan mo sa pila sa kantina ang kamag-aral mong may kapansanan kahit huli kang dumating.


B. Panuto: Iguhit ang ♥ kung nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng iba, ☹ kung hindi.

- _____ 1. Tumitigil ako sa paglalaro at pag-iingay kapag may nagpapahinga.
- _____ 2. Iniiwasan ko ang makipagkuwentuhan sa loob ng simbahan.
- _____ 3. Tahimik ako na lumalakad sa pasilyo ng eskwelahan sa oras ng klase.
- _____ 4. Magalang at mahinahon akong nagpapaliwanag sa aking kausap kung hindi ko nagustuhan ang kanyang sinasabi.
- _____ 5. Gumagamit ako ng magagalang na salita lalo na sa pakikipag-usap sa matatanda.



Karagdagang Gawain

Magbigay ng apat (4) na salita na iyong natatandaan tungkol sa aralin na maiuugnay sa salitang nasa loob ng *graphic organizer*. Gumawa ng isang pangungusap na magpapaliwanag sa kaugnayan ng bawat salitang naitala. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.





Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain

Maaring magkaiba-iba ang sagot

Tayahin

A. 1. X
2. X
3. /
4. /
5. X

B. A. A.
B. B.
C. C.
D. D.
E. E.

Pagymanin

A. 1. 2. 3. 4. 5.

6. 7. 8. 9. 10.

Isagawa

(Maaring magkaiba-iba ang sagot.)

- Hindi ko uusisain dahil hindi sa akin.
- Pagsasabihan ko siya na magpahinga dahil karapatan din niyang magpahinga.
- 3-10 Maaring magkaiba-iba ang sagot.

Isaisip

karapatang matanda babae igalang karapatan pagkain pagkain aktibong prutas gulay lakas

Suriin

- Karapatan at kayang gawin na makapag-aral
- May libreng pag-aaral sa mga kabataan
- Natuto at magkakaroon magkakaroon ng magandang kinabukasan
- Nagsisilbing gabay, taga-suporta.
- Karapatang makapag-aral
- Bumasa, sumulat at wastong pag-uugali
- Hindi paghiban sa klase, paglalang sa guro at mga kaklase.
- Tuwa/ saya
- Hindi kukuha sa gamit na hindi sa iyo.
- Hindi mangbully sa iba

Subukin

- Hindi
- Hindi
- Oo
- Hindi
- Oo
- Oo
- Hindi
- Hindi
- Hindi
- Oo

Balikan

(Maaring magkaiba-iba ang sagot)

Pagbibigay pagkain sa mga batang nasa lansangan

Sanggunian

K to 12 Curriculum Guide 2016 in EsP Grade 5, pah.72

Regional Test Item Bank, pahina 36-37

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph